KIDS GOD WORSHIP

www.kidsworship.kr

3nd Story

# Kung ipinapangaral mo si Hesus, walang problema sa pagdurusa!




**Narration** Mula ng pinalakad nina Pedro at Juan ang isang lalaking lumpo sa pangalan ni Hesus, maraming tao na ang lumalapit sa kanila na mga alagad ni Hesus. Dala ng mga ito ang mga may sakit at nagdurusa.

**People** Oh ako rin po, ako rin! Pakitignan niyo rin po ako~ Ako din, may sobrang masakit din~ Pagalingin niyo po ako~



**Narration** Sa pamamagitan ng mga alagad, maraming tao ang gumaling. Ang mga pari at mga Saduceo ay hindi natuwa sa pagdagsa ng mga tao sa mga alagad ni Hesus. Nainggit sila at kinasuklaman nila ang mga ito.



**Priest/ Sadducee 1** Hindi naman kilala ang mga taong ito at basta na lang nagsulputan. At ngayon ginugulo nila ang mga tao!

**Priest/ Sadducee 2** Sa palagay ko, dapat huwag natin silang hayaang gawin yan!



**Narration** Kaya't iniutos ng mga pari at ng mga Saduceo na arestuhin ang mga alagad ni Hesus.

**Priests/ Sadducees** Arestuhin ang mga alagad ni Hesus na yan at ilagay sila sa bilanguan.

**Guard** Hoy bilisan mo! Pumasok ka na!



**Narration** Kinagabihan, nagpakita ang anghel ng Panginoon sa bilanguan.

**Angel** Gumising kayo! Binuksan ko na ang pintuan ng bilanguan! Pwede na kayong lumabas dito.

**Disciples** Anong nangyayari? Nananag-inip ba tayo? Ahh! Nagpadala ang Diyos ng anghel para iligtas tayo! Tara na, lumabas na tayo dito! Tara na!

**Angel** Oo, lumabas na kayo at mula bukas "Pumunta kayo sa templo at turuan ninyo ang mga tao tungkol sa bagong buhay na ibinibigay ng Dios."



**Narration** Sa tulong ng anghel, ligtas na nakalabas ang mga alagad sa bilangguan.

**Sadducees** Ano? Nawala ang mga preso? Ang ibig mong sabihin, nakatakas ang mga bilanggo?



**Guard** Nakasusi pa ang mga pintuan, at nakabantay doon ang mga guwardya. Pero nang buksan namin, wala kaming nakitang tao sa loob." Matagal na akong guwardiya sa bilanguan pero ngayon lang nangyari ang ganito! Ano kaya ang nangyari?

**Priests/ Sadducees** Anong pinaggagagawa niyo?!~ "Ang mga taong ikinulong ninyo ay naroon na sa templo at nagtuturo sa mga tao.", Nagtuturo na naman!







**Sadducees** Ano? Hulihin sila ngayon din! Ngayon na ngayon din! "Hindi ba't pinagbawalan na namin kayong mangaral tungkol kay Jesus? Pero tingnan ninyo ang inyong ginawa! Bakit niyo ipinapalaganap ang pangalan ni Hesus sa buong Jerusalem? Hindi ba kayo natatakot na maparusahan?

**Disciple 1** Ang Dios ang dapat naming sundin, at hindi ang tao.

**Disciple 2** Ang Diyos ang muling bumuhay kay Jesus na pinatay ninyo nang siya'y inyong ipinako sa krus.

**Disciple 3** Si Hesus ang ating Hari at Tagapagligtas at sa pamamagitan Niya pwede tayong magsisi at mapapatawad ang ating mga kasalanan. Paano kami mananatiling tahimik kung saksi kaming lahat dito?

**Sadducees** Ano! ang lalakas ng loob ninyong dungisan ang pangalan ng Diyos. Hindi na kayo nararapat pakinggan! Bugbugin ang mga yan!

**Disciples** Ugh. Ah~

**Sadducees** O ngayon! Nagbago na ba ang isip nyo? Bugbog pa lang yan! Pero kapag nangaral kayo ulit sa pangalan ni Hesus, manganganib na ang buhay nyo! Huwag na kayong mangangaral sa pangalan ni Hesus! Naintindihan nyo!

**Narration** Ang mga apostol na pinalaya matapos bugbugin ay masaya na sila ay nagdurusa alang-alang sa pangalan ni Hesus. Hindi sila natakot sa tao at nagturo pa rin sila nang walang tigil araw-araw sa templo at sa mga bahay-bahay, at ipinahayag nila ang katotohanan na si Hesus ang Tagapagligtas at ang Kristo.

**Disciple 1** Mga kapatid! Si Hesus ang tagapagligtas na ipinadala ng Diyos para sa atin.

**Disciple 2** Tama. Si Hesus ang tunay na Anak ng Diyos. Siya ang Kristo. Maniwala kayo!

**Disciples** Maniwala kayo kay Hesus! Maniwala kayo kay Hesus!